PAANO MAGSUOT NG PANTAKIP SA MUKHA

Isuot ang Iyong Pantakip sa Mukha sa Tamang Paraan



- Hugasan ang iyong mga kamay bago ilagay ang iyong pantakip sa mukha
- Ilagay ito sa ibabaw ng iyong ilong at bibig at tiyaking matibay nitong natatakpan ang ilalim ng iyong baba
- Subukang ilapat ito sa mga gilid na bahagi ng iyong mukha
- Tiyaking nakakahinga ka nang maayos

Gamitin ang Pantakip sa Mukha para Protektahan ang Ibang Tao

- Magsuot ng pantakip sa mukha para protektahan ang iba kung sakaling may impeksiyon ka pero walang sintomas
- Isuot ang pantakip sa mga pampublikong lugar kapag nasa paligid ng mga taong hindi kasama sa iyong sambahayan, lalo na kung mahirap panatilihin ang mga hakbang sa ligtas na distansiya sa iba o social distancing
- Huwag ilagay ang pantakip sa iyong leeg o noo
- Huwag hawakan ang pantakip sa muka; at kung gagawin mo ito, hugasan ang iyong mga kamay

Maingat na Alisin ang Iyong Pantakip sa Mukha, Kapag Nasa Bahay Ka

- Alisin sa pagkakatali ang mga string sa likod ng iyong ulo o banatin ang mga pantali sa tainga
- Hawakan lamang ang mga pantali sa tainga o string
- Itupi ang mga panlabas na dulo nang magkakasama
- Ilagay ang pantakip sa washing machine (alamin ang higit pa tungkol sa paano labhan ang mga telang pantakip sa mukha)
- Mag-ingat para hindi mahawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig kapag tinatanggal ito at hugasan kaagad ang mga kamay pagkatapos itong tanggalin